# “Dakilang Bayani Gat Andres Bonifacio”

**Kgg. Jejomar Binay**
**Pangalawang Pangulo ng Republika ng Pilipinas**

*Ang papel na ito ay talumpating binasa sa National Conference on the Life, Works and Contributions of Gat. Andres Bonifacio na ginanap sa Bulwagang Balagtas, PUP Main Library, 25 November 2013*

*(Speech of the Vice-President of the Republic of the Philippines read during the National Conference on the Life, Works and Contributions of Gat Andres Bonifacio held at the Bulwagang Balagtas of the Polytechnic University of the Philippines, November 5, 2013.)*

Isang malaking karangalan ang makabalik po rito sa inyong dakilang pamantasan. Sentimental ang unang dahilan. Naging bahagi ako ng inyong pamantasan-na noon ay tinatawag na Phiippine College of Commerce-bilang guro noong kainitan ng mga pagkilos ng kabataan laban sa rehimeng Marcos, mga pagkilos na kinilala sa kasaysayan bilang First Quarter Storm. Noong panahong yon, iisa ang damdamin at adhikain ng mga guro at kabataan ng PCC, sa pamumuno ng isang progresibong edukador at tunay na makabayang Pilipino, ang aking ninong sa kasal na ngayon ay hindi na natin kapiling, si Doktor Nemesio Prudente.

Nagagalak ako na hanggang ngayon, sa loob ng bakuran at mga gusali nito, umuusbong, inaarugaan, at nililinang ang mga kaisipan ng ating kabataan.

At dito rin sa pamantasang ito pinanday ang di pa nagtatagal na kasaysayan ng ating pakikibaka sa isang tangkang paggupo sa ating demokrasya - ang dahas at panunupil ng isang diktadura - at ang ating kolektibong tagumpay sa pagpapabalik nito sa Edsa; at ang ating patuloy na paglikha ng tunay na demokrasya sa pang-araw-araw na buhay ng ating bayan.

Kung mag-aaral tayo sa mga panahong iyon, tiyak na nakintal sa ating puso’t isip ang mga aral na natutuhan sa ating mga guro, mga kapuwa-mag-aaral, at mga manggagawa - sa PUP man o sa labas ng progresibong bakuran nito.

Kung mag-aaral tayo sa panahon ngayon, sana malagom natin at malanghap ang nanatiling matalas at progresibong kaisipan at bisyon ng PUP.

Sa  aking tantya, ang PUP ay isa sa mga huling halimbawa ng pamantasan bilang tahanan ng liberal at progresibong kaisipan.

Ang ibig sabihin nito ay ang umanistikong pagtingin nito sa edukasyon, magmula sa agham hanggang sining, na may iisang dakilang layon: ang linangin ang kabuuan ng pagkatao ng isang indibidwal.

At anuman ang kanyang maging propesyon o estado - enhinyero man siya, doctor, siyentipiko, sundalo, negosyante, o alagad ng sining - ay maihasik sa kanyang diwa at buhay ang pagpapahalaga sa kapakanan ng kanyang tao at katauhan, magmula sa sarili at pamilya, hanggang sa kapuwa at sa bayan.

Ngunit sa umagang ito ay lalong lubos ang aking kagalakan sa aking pagbabalik. Dahil ngayon ay makikibahagi ako sa pagdiriwang ng ika-sandaan at limampung taon ng kapanganakan ng ating bayaning si Gat Andres Bonifacio.

Ano nga ba ang pagkakakilala natin kay Andres Bonifacio? Laging may dalang gulok at nanggagalaiti? Madalang o mabagal mag-isip? Mababa ang pasensiya at palaaway?  "a-tapang a-tao/a-putol a-kamay hindi a-takbo"? O "aling pag-ibig pa ang hihigit kaya/ sa pagkadalisay at pagkadakila/gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa…"

Sa lengguwahe pa lamang ay makikita na natin ang pagkakaiba ng pagtingin, o tumitingin kay Bonifacio. Ang isa ay nagpapanggap na tinig ng bata at nangungutya ngunit may kasamang papuri sa kanyang katapangan—kahit putulin man daw ang kamay ay hindi tatakbo sa labanan—at ang isa naman ay dinadakila, hindi si Bonifacio mismo kundi ang isang uri ng pag-ibig na mas malaki o mas dakila pa kaysa sa bayaning umuusal nito.

Sino nga ba ang pinakadakilang bayani ng bansa? O ang tanong ba dapat ay, dapat ba tayong mamili kung sino ang pinakadakila?

Mabuti at mapag-usapan ito sa pamantasang may iginagalang na tradisyon ng progresibong pag-iisip. Ano nga ba ang kabuuan ng isang tao? Ng isang bansa?

Sa tingin ko, katulad ni Gat Jose Rizal si Bonifacio bilang dakilang bayani ng bayang Pilipino. Sa tingin ko ay magkatulad at magkapantay ang pag-ibig nina Bonifacio at Rizal sa ating tinubuang lupa. Sa palagay ko, hindi tayo kailangang mamili sa kanilang dalawa. Sila ang magkaibang mukha ng kabayanihan at pagmamahal sa bayan. At hindi iisa ang mukha ng pag-ibig sa tinubuang lupa.

Suriin natin nang mabuti kung paano. Kilala na nating mabuti si Rizal. Pinag-aralan natin ang kanyang buhay at panulat sa high school at kolehiyo. Kilalanin naman natin ngayon si Bonifacio.

Sino nga ba si Bonifacio at totoo bang wala siyang pinag-aralan at mainitin ang ulo? Ngunit bakit niya naitatag ang isang pambansang kilusan tulad ng Katipunan. Bakit at paano niya naisalin sa isang pambansang kilusan ang mga diwa ng panulat ni Jose Rizal? Kung nagawa niya ang mga ito, mangmang nga ba siya, madaling magalit, at mabagal mag-isip?

Kailangan na nating rebisahin ang mga sabi-sabing walang batayan na ito tungkol kay Bonifacio. Kailangan na nating baguhin, i-overhaul ang isang buong sistema ng kaisipan at paniniwala tungkol kay Bonifacio.

Isa-isahin natin ang mga sabi-sabing walang batayan hinggil kay Bonifacio.

Mangmang, mabagal mag-isip, mababa ang pasensiya, mainitin ang ulo. Isang hulmahan ang mga sabi-sabing ito. Madali lang namang sagutin.

"Mangmang at mabagal mag-isip." Pasadahan natin ang mga libro niya sa kanyang opisina bilang bodegero ng isang kumpanyang Ingles sa may pier ng Maynila.

Ayon kay Ambeth Ocampo, may sariling aklatan si Bonifacio. Galing ang kaalamang ito kay Pio Valenzuela, na sinisipi naman ni Epifanio de los Santos sa kanyang talambuhay ng bayani noong 1917.

Ang mga sumusunod daw po ang mga aklat na nabasa na ni Bonifacio.

"History of the French Revolution, Lives of the Presidents of the United States, International Law, Civil Code, Penal Code, The Bible (in 5 volumes), Victor Hugo's Les Miserables, Eugene Sue's The Wandering Jew and Ruinas de Palmyra". Sipi ito sa kolum ni Ocampo.

Madalas daw ibig pag-usapan ni Bonifacio ang paksa ng rebolusyong Pranses. Medyo "unreliable" daw na historyador si Dr. Pio Valenzuela ngunit madali naming isipin na marami noon ang nagbabayad ng private tutor. Maaaring si Bonifacio ay nagpaturo hindi lang ng hinggil sa kung ano-anong paksa sa kasaysayan kundi ng wikang Ingles dahil kailangan niyang epektibong makipag-usap sa kanyang pinagtatrabahuan ng mga Ingles.

Kahit saang anggulo tingnan. Hindi mangmang o mabagal ang isip ng isang nagbabasa ng mga librong ito.

"Mababa ang pasensya at mainitin ang ulo". Muli, papayakin na lang natin ang sagot at balikan ang kasaysayan sa usaping ito.

Nagtatag ng isang kilusan. Pambansa ang kilusang ito at nababanggit sa mga ulat ng mga nakasaksi na umikot ng maraming lugar sa bansa si Bonifacio upang maitatag at maikalat ang kilusang Katipunan.

Nagsulat ng isang sanaysay at tawag sa pagkilos na ang pamagat ay "Kung Ano ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog". Nagsulat ng isang mahabang tula na may pamagat na "Pag-ibig sa Tinubuang Bayan." Kasali ito sa mga serye at sagutan sa tula noon, katulad ng "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" ni Marcelo H. Del Pilar.

Tumuklas sa talino ng isang kabataang kapuwa-manunulat at makata at handang maging sundalo ng himagsikan, na si Emilio Jacinto, na siyang sumulat ng "Kartilya ng Katipunan." Masusuri ang patnubay, kung hindi man aktuwal na kolaborasyon, ang ginawa ni Bonifacio sa pagsulat ng kartilya ng rebolusyonaryong kilusan. Kung babasahin nga at pag-aaralang mabuti ng lahat ng Pilipino ang kartilya, baka gumanda ang ating pamahalaan at ang ating pamamahala sa patuloy na paglikha at pagpapaunlad ng ating bansa.

Hindi gawain ng isang maikli ang pasensya at mainitin ang ulo ang mga proyektong ito. Mga proyekto ng kaisipan na isinalin

o isinakatuparan sa kilos at gawa, at naging isang pambansang himagsikan laban sa mga mananakop at kolonisador.

Sa kalaunan, hindi nagkasundo ang mga pangkat sa katipunan. Dahil mainitin ang kanyang ulo? Mga maninirang-puri lamang ni Bonifacio ang magsasabi niyan. Hindi sila nagkasundo sapagkat nagkakasalungatan na ang mga ideya, patakaran, at interes ng mga pangkat sa pagpapatakbo ng rebolusyon. Inagaw ang kanyang pamumuno sa unang naitatag na pamahalaan ng Bagong-Silang na Bansa ng Katagalugan. Ito ang tawag niya sa buong Pilipinas noon. Natalo siya, hinatulan ng kamatayan dahil sagabal sa pagtatatag ng bagong Republika nina Emilio Aguinaldo. Pinagkaisahan at pinaslang.

Hindi iyon gawa ng isang mainitin ang ulo. Isang sagupaan iyon ng mga diwa sa loob ng isang organisasyon at pamahalaan.

Sa dalawa pa lamang na paglalarawang ito kay Bonifacio, bilang "mangmang" at "mainitin ang ulo" at sa mga nakaulat kahit kakapiranggot na salaysay ng kanyang buhay sa kasaysayan, makikita natin ang tunggalian ng mga pagtingin at interes sa pagkilala at pagkadakila kay Bonifacio.

Hindi kailangang maging scholarly treatise ang pagtingin natin kay Bonifacio sa maiksing talumpating tulad ito. Dalawang halimbawa nga lamang ang ating tinalakay.

Ang mahalaga'y malaman natin ang ibig sabihin, ang pananagisag at kahulugan ng mga pagtinging ito.

Una, tulad ng nakita na natin, hindi totoong mangmang at mainitin ang ulo lamang si Bonifacio. Hindi rin totoong siya'y isang "man of action" lamang. Kaya't narito ang aking kuro sa mga usaping ito.

Hindi kailangang kung ang isang tao ay tinatawag na "man of action" ay hindi na siya nag-iisip o hindi siya palaisip o intelektual. Nag-iisip at palaisip si Bonifacio. Kung hindi, hindi niya maiisipan ang magtatag ng isang pambansa at mapanghimagsik na kilusan. Kung hindi, hindi maisasalin sa kilos at gawa ang mga diwa at paninindigan ng kanyang mga binasa sa politika at panitikan.

Manunulat si Bonifacio. Hindi nga lang siya nagsulat sa Kastila. Kastila noon ang wika ng kapangyarihan. Katulad ng Ingles ngayon. Ngayon, kung di ka nagsusulat sa Ingles, halos ituring na hindi ka tunay na manunulat. Malungkot ngunit ganyan pa rin ang kalakaran at pagturing ng ating mga may-hawak ng wika at kapangyarihan.

Dahil hindi siya nagsulat sa Kastila, hindi siya itinuturing na matalino, palaisip, o intelektuwal. Sa panahon ngayon, sa mga naliwanagan na ang kaisipan, hindi dahil hindi ka nagsusulat sa wika ng kapangyarihan ay hindi ka na marunong mag-isip. Hindi ka na intelektuwal.

Mabuti na lang may konsepto ngayon, na mukhang uso ngayon pa lamang sa atin ngunit matagal namang nailahad sa Europa at halos kasintanda ni Rizal o ni Bonifacio man. Ito ang tinatawag ng pilosopong si Antonio Gramsci na "organic intellectual".

Ganoon si Bonifacio. Hindi siya katulad ng ibang bayani na nagsulat sa wika ng kapangyarihan at sa ilalim ng gahum (hegemony) ng emperyong Espanya nang panahong iyon. Sa halip, nagsulat siya sa Tagalog - ang wikang pinanggalingan ng kasalukuyang pambansang wika na tinatawag nating Filipino ngayon.

Isang wika ito na bagaman ay wala sa pang-amoy ng mga makapangyarihang kolonisador, ay nasa isip ng bayan at balana: ang tinatawag natin ngayong masa — ang mga manggagawa, magsasaka, karpintero, piyon, kargador, at mga babaeng ayaw pag-aralin ng mga prayle. Sa ibang salita, wika ito na lahat ng mga naaapi.

Iyan si Bonifacio. Kung hindi siya palaisip o organic intellectual, paano na lamang ang batayang kaisipan ng Katipunan? Paano na lang magkakaroon ng hukbo ang himagsikan.

At tulad ng sinabi niya sa "ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog" na nagbibigay muna ng isang pinaiksing kasaysayan ng Pilipinas bago tumawag ng paghihimagsik, pangalang "Katipunan ng Kataas-Taasan at Kagalanggalang na mga Anak ng Bayan" ay isang pagdadakila hindi lamang ng mga Pilipinong intelektual, ilustrado, at mayayaman, kundi ng buong bayan, kasama ang pinakamaliit, at pinakaaping mamamayan.

Iyan ang kadakilaan ni Bonifacio. Ganyan niya naisalin sa wika ng mamamayan ang diwa ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo ni Rizal. Ganyan naikuwento ng isang “mangmang” ang matayog na kaisipan ng intelekuwal na si Rizal sa mga kapuwa-“mangmang” ni Bonifacio — ang buo at mas nakararami at sa huli’y mas makapangyarihang “masa” o sambayanang Pilipino.

Ganyan dinakila ni Bonifacio ang bayang Pilipino. Ganyan niya ibinalik ang dangal ng bayang ito na inapi’t niyurakan ng mga dayuhang mananakop.

Ganyan, sa palagay ko, dapat nating kilalanin at dakilain si Bonifacio dahil ang talino ng isip ay kasing-kailangan ng talino ng bisig. At ang talino ng bisig ay kailangang laging may kaantabay na talino ng isip.

Siya na nag-iisip at kumilos upang maitatag ang Katipunan ay kasing-dakila ni Rizal na unang nagsulat at naglahad ng kabuktutan ng mga mananakop. Na naging inspirasyon ng rebolusyon.

Ganyan din kadakila si Bonifacio bilang tagapagtatag ng unang rebolusyonaryong pamahalaan at republika ng Katagalugan at Pilipinas. Kaya naniniwala ako na dapat siyang kilalaning opisyal, at kung maaari ay isabatay, na kapantay sa hanay ng mga dakilang pambansang bayani. Bonifacio: bayani ng bansang Pilipino.

Maligayang ika-sandaan at limampung kaarawan, Andres Bonifacio! Mabuhay ang iyong diwa na dapat ay patuloy na nagiging gabay sa pagbangon ng sambayanang Pipino. Pagbangon sa pagkaduhagi. Pagbangon sa pagkalugmok sa kahirapan man o sa sakuna.

Mabuhay si Andres Bonifacio! Bayani ng bansang Pilipino!

Marami pong salamat at magandang umaga sa lahat.